

ISSN: 2012-2144 (Print)
ISSN: 2546-0757(Online)

# Mabini Review

An interdisciplinary journal

AGPCI-Recognized Journal

MABINI REVIEW 2024 | January-December 2024 | Volume XIII

# Contents

A Note from the Editor i-v

The Philosophical Thoughts of Vajiravudh: A Dialogical Analysis from the Perspective of Critical Filipino Philosophy 1-28
DEMETERIO III, FEORILLO A.

Ang Unang Sigaw ng Himagsikan: Isang Pagsusuring aklat sa *The Cry of Balintawak: A Contrived Controversy* ni Soledad Borromeo-Buehler 29-50
MONTEJO, JEREMIAH JULIAN

*"A reign of fear and anxiety"*: Martial law's roots in colonialism 51-84
MALABED, RIZALINO N.

A Phenomenological Reflection on *Ubos-Biyaya* and *Petsa de Peligro*: Capitalism's Impact on Filipino Attitude of Spending and Church's Proposition for an Inclusive Economy 85-111
CANETE, JONATHAN JAMES O.
LIWANAG, LESLIE ANNE L.

Tungo sa Intelektuwalisasyon ng Wikang Pambansa: Isang Panayam kay Dr. Fortunato B. Sevilla III ukol sa Potensiyal ng Filipino bilang Wika ng mga Siyentipikong Talakayan 113-142
ZAFRA, REYNELE BREN
BARROQUILLO, JEZNIN ANGEKYLA

Panimulang Pag-aaral sa Visual Framing: Sipat-suri sa mga piling YouTube Vlogs ni JT ng MoTouristas sa kaniyang misyon na Libot Pilipinas 143-170
DIONELA-SERVO, PRINCESS GISSEL
OPLE, LHERIS MAY

Naratibo sa Pagtitiklad: Paglikha at Paglalarawan sa Pagkakakilanlang Calabangueño 171-218
NIDEA, NICHOLSON M.
VICTORIA, VASIL A.

Noam Chomsky on Ludwig Wittgenstein: A Contemporary Critique of the Concept of *Language Privatization* 219-242
ANDRADA, JOHANNE RANDOLF
CARLOS, BRENDAN
GONZALES DOMINIC

Leadership of Local Chief Executives in the Philippines: *A Literature Review* 243-265
GARCIA-GLOVA, BLESSING

Saysay ng *Dogs in Philippine History* sa Multidisiplinaryong Pag-aaral ng Kasaysayan at Lipunang Pilipino 267-280
TUGANO, AXLE CHRISTIEN

# Saysay ng *Dogs in Philippine History* sa Multidisiplinaryong Pag-aaral ng Kasaysayan at Lipunang Pilipino

Axle Christien Tugano
University of the Philippines Los Baños
ajtugano1@up.edu.ph

## KALIGIRAN NG DOGS IN PHILIPPINE HISTORY

Umalpas at/o umunlad na ang pag-aaral ng kasaysayan ng Pilipinas—hindi na lamang ito isang kanonikal na pamamaraan na may pagkiling at humahango sa kinagisnang positibismong pananaw. Bagama't kumakalas na roon ang ilang mananaliksik at historyador, hindi ito nangangahulugan ng pagtalikod sa pinagmulang pananaw, bagkus isa itong kaunlarang historiograpikal na habang isinasaalang-alang pa rin nito ang faktuwal na kaalaman, nilalakipan na ito ng samot-saring multidisiplinaryo at/o interdisiplinaryong pananaw na may pagkiling sa disiplinang kinabibilangan at inaambagan ng kaalaman. Humigit kumulang 700-pahina ang aklat ng historyador na si Ian Christopher Alfonso ng National Historical Commission of the Philippines (NHCP)—ang *Dogs in Philippine History* (DPH)—na may 28-kabanata—sa aking pagbibilang, habang ginagabayan ng 503-piraso ng plate o larawan, 3 mapa, 5 talahanayan, 920 na talahuli, at 496 na sanggunian—ay hindi lamang isang historikal ngunit tematiko rin ang pagkakasalanlan. Ito ay maari rin gawing balangkas at salalayan ng susunod pang mga pag-aaral na nagkakaroon ng interes sa kalikasan at kapaligiran.

Malalim ang pagpapakahulugang Pilipino sa kalikasan at kapaligiran. Unang dinalumat ni Prospero Covar (1998) sa kaniyang sanaysay na "Laro at Kultura" kung saan aniya ang *likas* ay mga pisikal na kapaligirang binubuo ng tatlong mahahalagang salik—kahayopan, halaman, at kapaligirang katulad ng lupa, hangin, at tubig (Covar 1998, 71). Ito ay dinagdagan ni Navarro (2008) na nagpanukalang ang *kalikasan* ay "mga bagay o nilalang na nariyan na—katutubo, likas,

MABINI REVIEW | VOL. XIII (2024): pages 267-280
© 2024 Tugano, A. C. | ISSN: 2012-2144 (Print) | ISSN: 2546-0757(Online)

taal sa daigdig, gayundin ang katangiang geolohikal at geograpikal na sumasaklaw sa likas-yaman, klima, at kahalamanan, at kahayopan" habang ang *kapaligiran* ay "pakikipag-ugnayan ng sangkataohan sa kaniyang kalikasan at tumutukoy sa mga katangiang ekolohikal at demograpikal na sumasaklaw sa ugnayan ng sangkataohan at kalikasan sa mga larangan ng pamumuhay, paninirahan, at populasyon" (Navarro 2008, 3 as cited by Orillos-Juan 2016, 4). Sa mga konseptong ito, maipapasok ang aso (*Canis lupus familiaris*). Sa unang banda, *kalikasan* ng Pilipinas ang pagkakaroon ng mga aso—na naipakita ni Alfonso sa aspektong lingguwistika, kronika at mga *vocabularios*, panitikan, midya, at iba pa—at isang *kapaligiran,* sa kabilang banda, sapagkat matagal nang nakikipag-ugnayan at may ugnayan o pag-uugnay-ugnay ang aso sa mga Pilipino. Kaya't mainam ang naging pamagat ng aklat—*Dogs in Philippine History* sa halip na *History of Dogs in the Philippines.* Hindi lamang ito simpleng paglalahad ng hayop—at ang bahagi nito sa kasaysayang pantao—nang walang kaugnayan sa buhay at pananaw ng mga Pilipino.

Ito naman talaga ang dapat tinutungo ng bawat mananaliksik at historyador—ang pag-abot at pagtupad sa trikotomiyang ugnayan ng *kasaysayan-tao-kapaligiran at kalikasan*. Mula sa maagang pagpunla ni Zeus Salazar (1986) ang magkatambal na halaga ng kapaligirang ekonomiko-geograpikal, pinaunlad at patuloy na inaambagan ng *Bagong Kasaysayan* (BAKAS) lalo na ni Ma. Florina Orillos-Juan (2016) ang *Kasaysayang Pangkapaligiran* (KP) at *Araling Pangkapaligiran* (AP) bilang mga sangay ng *Kasaysayang Estruktural.* Para sa kaniya, ang KP ay subdisiplina ng kasaysayang tumutuon sa malalim na pagsusuri at pagtatasa ng masalimuot na ugnayan ng tao at ng kalikasan-kapaligiran na nakapaloob sa isang tiyak na panahon at lugar (Orillos-Juan 2016, 4). Samantala, ang AP na bagama't nakatuon din sa ugnayan ng tao at kapaligiran, gumagamit ito ng inter-, kros-, at transdisiplinaryong lapit na nagmumula halimbawa sa mga disiplina ng agham panlipunan, purong agham, *applied* na agham, humanidades, at iba pa (Orillos-Juan 2016, 4-5). Kategoryang biolohikal na KP at AP ang tutuon sa mga paksang may kaugnayan sa pag-aaral ukol sa halaman; puno at kagubatan; hayop; mga mapamuksang pesteng nakaapekto sa mga pananim; at mga *algae* (Orillos-Juan 2016, 6-7).

Kung isasantabi muna ang estruktura at pananaw ng DPH na naisusulat sa wikang Ingles at siyempre kung maisasalin sana ito sa wikang F/Pilipino sa hinaharap, magiging malaking ambag ito para sa KP. Bagama't isinaayos ang DPH sa "convergent chronology" (Alfonso 2023, xiv), masinsin nitong tinawid at pinag-uugnay ang lahat ng kahalagahan sa relasyon ng mga aso at ng mga Pilipino sa kasaysayan. Tinuon ng unang kabanata ang arkeolohohikal at Austronesyanikong kasaysayan ng aso sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. Ang Kabanata 2 hanggang 13 ay nagtampok naman ng halaga ng aso sa mga etnograpiko at *vocabularios* at *cronicas* ng mga Español, epiko at salaysaying bayan, o kung hindi man, ang amalgamasyon ng panahong pre-kolonyal at kolonyal sa paniniwalang kaugnay ng aso—na ang lahat ay sumagasa sa samot-saring paksang tinatalakay—ekonomiko, usaping pangkalusugan, mito, at paniniwalang urban at/o rural. Samantala, ang Kabanata 14 hanggang 23 ay tumuon sa panahon ng kolonyalismong Amerikano na halos isang parallel na pagtalakay sa kung ano ang nilalaman ng Kabanata 2 hanggang 13 sa panahon ng kolonyalismong Español. Idinagdag lamang dito ang "mapagkalingang pag-uugali" ng mga Amerikano sa anyo ng pagpapakilala ng bakuna para sa aso; sosyo-kultural na reporma sa pag-aalaga ng aso; pagpaparami ng lahi; pag-aampon ng aso; at iba pa. Panghuli, ang Kabanata 24 hanggang 28 ay sumiyasat sa halaga ng aso sa kontemporanyo at modernong panahon—mula sa pagiging ganap na kasa-kasama sa bahay (*companion*); mga monumento at bantayog na bahagi ng gunita at alaalang pangkasaysayan. Kung gayon, ano ang saysay ng bawat kabanata ng DPH?

## Pagpasok ng Hayop sa Kasaysayan

Hinawan nito ang landas upang saliksikin at bigyan ng puwang ang mga hayop sa kasaysayan at historiograpiyang Pilipino—na labas sa mga kinagisnan at kumakanlong na mga disiplina katulad ng *biology, veterinary, zoology, mammalogy, taxonomy,* at iba pa. Napatunayang hindi lamang sa usaping laboratoryo at mga purong agham napag-uusapan ang mga hayop sa Pilipinas. Sa Paunang Salita ni Nicolo Paolo Ludovice (2023) sa mismong aklat ng DPH, nakapaglatag ito ng ilang mga pag-aaral ukol sa historikal at kultural na halaga ng mga hayop sa Pilipinas—halimbawa sa mga pag-aaral mismo ni Ludovice—natumbok

niya ang kasaysayan ng kalabaw (*Bubalus bubalis carabanensis*) (Ludovice 2019) at aso (Ludovice 2021)—na katulad ng ilang pagtalakay sa disertasyon ni Ros Costelo (2021); daga (*Rodentia*) (Abinales 2012); kabayo (*Equus caballus*) (Bankoff *et al.,* 2007); at buwaya (*Crocodylidae*) (der Ploeg *et al.* 2011) (as cited by Ludovice 2023, xxxvii). Ngunit ang lahat ng ito ay nananatiling nasa wikang Ingles. Gayumpaman, hindi ito tinitingnan sa negatibong implikasyon at sa halip, isang hamon din upang pag-aralan ang iba pang hayop—kung hindi man, maisalin ang lahat ng ito sa wikang F/Pilipino. Nakaligtaang banggitin sa nasabing Paunang Salita—ang ilang pananaliksik na sumulat ukol sa mga hayop sa kasaysayan, kalikasan, at kapaligirang Pilipino na nasa wikang F/Pilipino. Halimbawa sina Orillos-Juan (2006, 2012, 2017) na masinsing sinaliksik ang kasaysayan ng pesteng balang (*locust*) (*Locusta migratoria*); mga hayop na reptilya bilang símbolo ng kamatayan (Reyes 2010)—katulad ng pagpapaliwang ni Salazar (2004) sa ugnayan ng mga Pilipino sa usa, pagong, at ahas; mga isda (Peralta *et al.* 1998; KWF 2011); mga pagbanggit sa halaga ng ibon, manok, buwaya, at ahas sa kosmolohiyang Austronesyano (Lasco 2011) at pag-uugnay nito sa Pilipinas at ng Rapa Nui at Polynesyang Pranses (Lasco 2015); mga malalayang ibon ng Sierra Madre (Llanes 2021); mga iniangkat na hayop mula sa Kenya patungong Calauit, Palawan noong 1977 katulad ng impala, giraffe, zebra, waterbuck, bushbuck, eland, gazelle, at topi (Villapa 2016, 175); at marami pang iba.

Kung mangyayari ito, higit na dadami pa ang mga mananaliksik na nais pag-aralan ang kasaysayan ng ugnayan ng tao-at-hayop. Nang ilabas ang DPH, umalingawngaw sa *social media* ang saya at galak ng ilang Pilipino lalo na yaong mga "dog-lover." Mayroon pa ngang mga komentong, *bakit walang cats*? Senyales na ito na tuklasin ng bayan ang mga hayop sa kaniyang paligid sa unang banda at pagnilay-nilayan ng mga mananaliksik kung anong hayop pa ang maaring pag-aralan, sa kabilang banda. Sa inilabas na "Top 10 Most Popular Animals in the Philippines" ng GMA (2013), nangunguna ang aso at pumapangalawa lamang ang pusa sa mga domestikadong karaniwang alaga ng mga Pilipino. Hindi ko pa man batid ang pagsusulat at paglabas ng aklat na DPH, sa maikli kong sanaysay noong 2023—na ngayo'y nakalimbag sa *Makiling Review* ng U.P. Los Baños (Tugano, 2023), pahapyaw na

nabanggit doon ang kasaysayan ng pusa sa Pilipinas. Batay sa talang naisulat noong 1548 sa *The Expedition of Ruy Lopez de Villalobos, 1541-46,* nang dumating ang kanilang plota sa Sarragan (Sarangani), isa ang pusa sa mga unang hayop na kanilang nadatnan at kagyat na kinain dulot ng kagutuman sa malayong ekspedisyon (WA 1548, 65). May pagbanggit din si Miguel de Loarca (1582) sa kaniyang *Relacion de la Yslas Filipinas* na ang mga Lutaos ng Mindanao—habang nangingisda—ay kasa-kasama ang mga pusa (Loarca 1582, 61). May hinala ako, gaya din ng pahayag ni Heming (2010) na taong 1521 posibleng dumating ang mga pusa rito sa Pilipinas. Posibleng dala ito ng plota nina Ferdinand Magellan upang ipahabol ang mga dagang posibleng kumain sa mga dala-dalang pagkain ng barko (Heming 2010). Gayundin si Damiana Eugenio (1985)—sa kaniyang "Philippine Folktales: An Introduction"—na nagsabing hindi taal sa Pilipinas ang pusa. Likas lamang ito sa mga lipunang Pranses, Italyano, at Aleman—ang *Puss-in-Boots* na palaging katuwang at kaagapay ng mga tao (Eugenio 1985, 165). Sa Pilipinas, kadalasang unggoy at lalo ng aso ang palaging kasama ng mga Pilipino—sa mga kuwentong bayan o sa totoong buhay man (as cited by Tugano 2023, 132-133).

Kaya't angkop lamang na aso ang pinag-aralan ni Alfonso—dahil kasama na ito ng mga Pilipino ilang libong taon na ang nakararaan. Ang ganitong engkuwentro—mula sa mga kuryosidad ng mga tao sa hayop—ay posibleng makapagbukas ng paksa sa kasaysayan. Kamakailan lamang, pineste ng anay ang aklatan ni Jose Victor Torres, historyador ng De La Salle University (DLSU) noong 2013 at 2023; gayundin sina Michael Charleston "Xiao" Chua noong 2019 at ang batang historyador na si Arvin Lloyd Pingul ng Polytechnic University of the Philippines (PUP) Manila noong 2023. Ito ang nagtulak sa amin ni Pingul upang sulatin ang tinatapos naming pananaliksik—"Ang Anay sa Kasaysayang Pilipino" (Pingul at Tugano, 2023). Ang anay ay isang masamang panaginip sa bawat historyador, mananaliksik, at mga *book collector*—kasama na natin mula pa sa sinaunang panahon; sa panahong kolonyalismo na pinupuksa ng mga Español at Amerikano; at heto't ngayo'y isa pa ring peste. Samakatuwid, marami pa ring hayop ang maaring maging paksa sa historikal na pananaliksik. Posibleng mapansin, liban sa sabong ng manok—ang paglalaro sa gagamba,

salagubang, tipaklong; mga pang-agrikulturang hayop tulad ng baka, kalabaw, at kambing; mga peste tulad ng ipis, daga, kulisap; at sa isang komprehensibong pag-aaral katulad ng DPH para sa mga ahas, pagong, pawikan, buwaya, ibon, at manok—mga Austronesyanong hayop na may malalim na pagpapakahulugan sa kasaysayan ng Pilipinas. Sa ngayon, may proyekto ang UP Diliman School of Archaelogy—ang "Zooarchaeology of the Galleon Trade" sa pangunguna ni Juan Rofes—kung saan sinasaliksik ang kaalaman kaugnay ng mga hayop na bahagi ng Kalakalang Galyon (U.P. Diliman School of Archaelogy n.d.).

**Rekomendasyon at Suhestiyon**

Nabanggit ni Alfonso sa kaniyang prologo ang "*If there's something I need to improve in this book, one may contact me*" (Alfonso 2023, xiii). Kung kaya't narito ang aking limang pangunahing rekomendasyon at suhestiyon sa kabuoan ng kaniyang aklat:

Una, ay ang pagpapatingkad pa lalo sa pagpapahalaga sa kalinangang Austronesyaniko. Bibihira ang nagsusulat ng isang kaalamang pangkasaysayan na iniuugat sa matandang kasaysayan ng mga Pilipino. Matagal na itong pinuna ni Salazar (2019) na nagsasabing "*Bakit masyadong pinapahalagahan ang 1521 hanggang 1946, na parang ito lamang ang ating kasaysayan? Kung tutuosin, ang panahong iyan ng kolonisasyon ay napakaliit na bahagi lamang ng ating nakaraan kung ikokompara sa napakahabang kasaysayan ng mga ninuno nating Austronesyano sa arkipelago* (Salazar 2019 as cited by dela Paz 2019, 116). Gayumpaman, ito naman talaga ang realidad para sa mga positibistang nagsasabing, "kung walang dokumento, walang kasaysayan." Ito ang hamon sa lahat ng mga historyador na pagyamanin ang yugtong ito ng ating kasaysayan. Bagama't pinaglaanan ni Alfonso ang bahaging ito sa unang kabanata lamang—pagpupunyagi pa rin itong maipasok ang halagang Austronesyaniko ng mga aso sa Pilipinas. Isa sa mga malapit na disiplinang magpapaliwanag at pupuno sa puwang ng Austronesyano ay ang henetika, arkeolohiya, at lingguwistika—na ang huling dalawa'y nadaplisan ni Alfonso.

Sa kaniyang "The Ancient Aso," pahapyaw na ipinaliwanag ang migrasyon at/o paggalaw ng aso—sampu ng kawikaang maituturo pa

sa Proto-Austronesyanong (PAN) wika. Nailatag pa ang mga katumbas nito sa Indo-Malayong kawikaan. Bagama't nakapaglatag si Alfonso ng katumbas ng salitang "aso" sa iba't ibang etnolingguwistikong wika sa Pilipinas (Alfonso 2023, 24), higit sana magiging masinsin at espesipiko ito, kung ang gagawing batayan ay ang naitalang 130 na wika sa "Atlas ng mga Wika sa Pilipinas" ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF n.d.). At mula sa mga wikang iyon, maaring gamitin ang *wordlist* na tinipon ng *Summer Institute of Linguistic Language* (SILL na ngayo'y SIL International). Nagsagawa ng mga *fiedwork* mula dekada 1950 hanggang 1980 ang samahang ito na pinasimulan ni William Townsend para saliksikin ang mga tinurang *lesser known language* (Barker 1959, 83). Mayroon silang *template* na naglalaman ng 372 o humigit kumulang 400 na mga salita—at nakalagay ang bawat kahulugan nito sa etnolingguwistikong wika sa Pilipinas—nasa bilang 78 ang salitang *dog.*

Pangalawa, ay ang pagpapahalaga sa mga kronika at diksiyonaryo at salaysaying bayan. Masinsing sinaliksik ni Alfonso ang bahaging ito. Halinhinang iniuugnay ang kabuluhan at kahulugan ng aso sa iba't ibang sangang-daan ng mga paksa. Mula sa mga diksiyonaryong ito, napalawig ang iba't ibang aktibidades na nilalahokan ng mga aso kasama ng mga tao. Bagama't napansin ni Alfonso sa kaniyang "Dogs and the Creation Myths,"—isang pagtatangkang ihugpong ang mga salaysaying bayan sa anyo ng mga mito at alamat, nakaligtaan at/o hindi nailakip ang halaga ng mga bugtong kaugnay ng aso. Sa aklat na *The Riddles* ni Eugenio (2005), nakapagtala ito animnapu't pitong (67) bugtong kaugnay ng aso sa iba't ibang etnolingguwistikong pangkat (Eugenio 2005, 288-293). Mahalaga ang mga bugtong bilang imahen ng matandang kasaysayan ng mga Pilipino. Kung hindi man para kay Alfonso, maging sa mga susunod na henerasyon ng pananaliksik—magkaroon sana ng isang komprehensibong pag-aaral na tutuon sa saysay ng aso sa mga alamat, pabula, epiko, at iba pang uri ng panitikang Pilipino.

Pangatlo, nabigyan ng kahulugan ang mga salita at kasabihang laganap sa korporang Filipino. Palaisipan noon sa ating lahat ang kahulugan at kaugnayan sa lipunan ng mga terminolohiyang *askal*;

*kasta; asocena; dugong aso*; aso ni San Roque; ang nilalang na *sigbin* at kung paano ito nakaugnay sa aso; *asong gubat*; at ang betsin at kaugnayan nito sa aso. Naging sagot at gabay ang DPH ni Alfonso upang mabigyan ang lahat ng ito ng kasagutan. Bagama't historikal naman talaga ang sipat ng aklat, para sa mga nagpapakadalubhasa sa wika at kultura, maaring saliksikin ang kalaganapan at konteksto ng salitang *Dog Show* na umiiral ngayon—iba ang *Dog Show* sa inilalahad ng DPH; katulad ng *dugong aso,* maaring saliksikin ang kahulugan ng *mukhang aso, ugaling aso, manghihiram ka ng mukha sa aso, dogstyle* bilang estilo ng pagtatalik; at marami pang metapora at personipikasyon ng aso sa pagkataong Pilipino. Mag-aambag ito ng kaalaman at ideya sa larangan ng sikolohiya, pilosopiya, lingguwistika, at mga kaugnay na disiplina.

Pang-apat, ay ang paghahawan ng paksa tungo sa pagpapayaman ng sublarangan ng kasaysayan. Wala naman talagang kompletong pag-aaral sa mga paksa ngunit hatid lamang ng bawat pag-aaral na makapagbukas ng panibagong paksa. Sa aklat na DPH, partikular na sa "Melting Pot of Dogs" at "Before Shih Tzus," pahapyaw na naipaliwang ni Alfonso ang pagdating ng mga banyagang aso sa Pilipinas. Kung palalawakin ito ng ibang mananaliksik, makapag-aambag ito sa *Araling Kabanwahan* o *Kasaysayang Kabanwahan* bilang isang disiplinang nag-uugnay at pag-uugnay sa kasaysayan ng Pilipinas at ibang bansa (Navarro 2012). Lalabas ito sa mga kinagisnang paksa sa *Area Studies* at *Regionalism Studies* na ang pawang tuon ay ang diplomatikong ugnayan ng estado-sa-estado at/o nasyon-sa-nasyon na kadalasang hindi naitatampok ang danas ng taumbayan (Navarro 2012). Para naman sa mga nagkakainteres sa *Kasaysayang Institusyonal*—may mga ahensiya at institusyong nabanggit si Alfonso kaugnay ng nangangalaga at nagpapanatili sa kalusugan ng mga aso at mamamayan—*i.e.* kampanyang anti-rabies sa panahon ng mga Amerikano; mga ahensiyang nanguna sa pagtuklas ng bakuna; at marami pang iba. Sa kasalukuyang panahon, maaring saliksikin ang buhay ng mga tao at institusyon sa mga nagsisilo o *dog pounder.* Nabanggit din ni Alfonso ang iba't ibang bantayog at monumento ng aso na naitayo sa Bulacan, Laguna, Zambales, Pampanga, at Tarlac. Maari itong palawigin bilang hiwalay na paksa sa *Kasaysang Lokal* at *Kasaysayang Pampook* na may malalim na pag-uugat sa *Memory Studies*

o ‘di kaya’y sa *History of Emotions* ng pangungulila at pagkalungkot ng mga tao sa mga namayapang alagang aso.

Panghuli, sa Kabanata 27 ng DPH, nabanggit ni Alfonso ang representasyon ng aso sa mga *cartoons,* telenovela, at marahil sa iba pang platform. Malalim din ang kaniyang naging pagtingin sa mga likhang-sining katulad ng eskulptura at mga pinta. Makapag-aambag din ito sa larang ng humanidades. Gayundin, sa *Media Studies*—mga paglakip ni Alfonso ng ilang *screenshot post* kaugnay ng aso. Sa ganitong paraan, paano mapalalawig ang talastasan ng mga Pilipino sa aso at iba pang hayop pagdating sa midya? Hindi rin nabanggit sa aklat ang representasyon ng mga aso sa kasalukuyang pelikulang Pilipino. Tampok halimbawa sa mga ito *Unforgettable* (Lana at Intalan 2019) na pinagbidahan ni Sarah Geronimo; *Bwakaw* (Lana 2012), tungkol sa kuwento ng baklang si Rene (Eddie Garcia)—na maaring maging ambag sa *Araling Pangkasarian* o *Queer Studies;* at ang *Ringgo: The Dog Shooter* (Carlos 2016). Liban sa sining at midya, maaring tingnan ang imahen ng aso sa mga panitikan partikular na sa mga panitikang pambata. Ayon kay Eugene Evasco (2011, 106-107), sa kasalukuyan, ang akdang pambata ay siyang pinakamaunlad na anyo ng panitikang Filipino. Maraming akdang pambata ang nagpapamalas ng mga kuwentong aso, at/o pag-aalaga sa aso. Sa murang gulang ng bata natututuhan ang moral at tamang pagtrato sa mga hayop. Paano ipinapakita sa bawat *picturebook* ang ugnayan at halaga ng aso sa lipunang Pilipino?

Sa kabuoan, ang DPH ay isa sa mga akdang nagbukas ng kaalaman at kabuluhan kung papaano mapahahalagahan ang mga nilalang gaya ng hayop—kasama ng mga Pilipino sa agos ng kasaysayan. Hinihikayat lamang tayo ng aklat na ito na panahon na upang pasukin ang pag-aaral ng ugnayang *kasaysayan-tao-at-hayop* bilang bahagi ng malawak na saklaw ng kalikasan at kapaligirang Pilipino.

## REFERENCES

Alfonso, Ian Christopher. 2023. *Dogs in Philippine History.* Philippine Historical Association, Project Saysay, Inc. at Alaya Publishing.

Abinales, Patricio. 2012. Let them Eat Rats! The Politics of Rodent Infestation in the Postwar Philippines. *Philippine Studies* 60, no. 1: 69-101.

Alfonso, Ian Christopher. 2023. *Dogs in Philippine History*. Philippine Historical Association, Project Saysay, Inc. at Alaya Publishing.

Bankoff, Greg, Sandra Scott Swart, at Peter Boomgaard. 2007. *Breeds of Empire: The Invention of the Horse in Southeast Asia and Southern Africa, 1500-1950.* Copenhagen at Abingdon: NIAS Press.

Barker, Milton. 1959. The Work of the Summer Institute of Linguistics in the Far East. *Asian Perspectives* 3, no. 1: 83-87.

Carlos, Rahyan, dir. 2016. *Ringgo: The Dog Shooter* [Pelikula]. Olivia Films and Happy Karga Films.

Costelo, Ros. 2021. Public Works and the Spanish Colonial Agenda of Sanitation, Order, and Social Control in the Late Eighteenth to Nineteenth-Century Manila. Disertasyon. Madrid: Universidad Complutense de Madrid.

Covar, Prospero. 1998. *Larangan: Seminal Essays on Philippine Culture*. Manila: National Commission for Culture and the Arts.

Eugenio, Damiana. 1985. Philippine Folktales: An Introduction. *Asian Folklore Studies* 44, no. 2: 155-177.

Eugenio, Damiana. comp. at ed. 2005. *Philippine Folk Literature Series; Vol. V: The Riddles*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Evasco, Eugene. 2011. Pag-akda at Pagkabata: Ang Namamayaning Tunguhin at Estetika sa Panitikang Pambata ng Pilipinas. *Humanities Diliman* 8, no. 2: 105-144.

GMA News Online. 2013. Top 10 Most Popular Animals in the Philippines. *GMA News Online*, July 8. https://www.gmanetwork.com/news/newstv/angpinaka/316521/top-10-most-popular-animals-in-the-philippines/story/.

Heming, Adn. 2010. A History of Cats in the Philippines/Southeast Asia. *Live Journal*, June 9. https://little-details.livejournal.com/2665061.html.

Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). n.d. Atlas ng mga Wika ng Pilipinas. *Komisyon sa Wikang Filipino*. https://kwfwikaatkultura.ph/.

Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). 2011. *Iba't ibang Katawagan ng mga Komersyal na Isda na Matatagpuan sa Samar at Leyte.* Manila: Komisyon sa Wikang Filipino.

Lana, Jun Robles, dir. 2012. *Bwakaw* [Pelikula]. Cinemalaya, Octobertrain Films, at APT Entertainment.

Lana, Jun Robles at Perci Inatalan, mga dir. 2019. *Unforgettable* [Pelikula]. Viva Films at The Idea First Company.

Lasco, Lorenz. 2011. Ang Kosmolohiya at Simbolismo ng mga Sandatang Pilipino: Isang Panimulang Pag-aaral. *Dalumat E-Journal* 2, no. 1: 1-15.

Lasco, Lorenz. 2015. Ang Kaisahan at Ugnayan ng Lumang Pamayanan ng Pilipinas at ng Rapa Nui at Polynesyang Pranses. *SALIKSIK E-Journal* 4, no. 1: 13-86.

Llanes, Ferdinand. 2021. Kagandahan at Halaga ng Malalayang Ibon sa Sierra Madre, Infanta/Real, Quezon. Conference Paper. 10th Tayabas Province Studies National Seminar/Conference.

Loarca, Miguel de. 1552.Relacion de las Yslas Filipinas. Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898; Volume V*, mga ed. at trans. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 34-187. The Arthur and Clark Company, 1903-1909.

Ludovice, Nicolo Paolo. 2019. The Carabao and the Encounter of the Law in Nineteenth-Century Philippines. *Society & Animals* 27, no. 1: 307-326.

Ludovice, Nicolo Paolo. 2021. Domesticated Geographies: Animals and the Making of Modern Health in the Philippines, 1860-1935. Disertasyon. The University of Hong Kong.

Ludovice, Nicolo Paolo. 2023. Foreword. Nasa *Dogs in Philippine History,* awt. Ian Christopher Alfonso, xxxv-xl. Philippine Historical Association, Project Saysay, Inc. at Alaya Publishing.

Navarro, Atoy. 2008. Kalikasan, Kapaligiran, at Kalamidad. *BAKAS Sulat-Balitaan* 2, no. 1: 3.

Navarro, Atoy. 2012. Araling Kabanwahan, Kasaysayang Kabanwahan, at Araling Timog Silangang Asya. *SALIKSIK E-Journal* 1, no. 2: 1-31.

Orillos-Juan, Ma. Florina. 2006. Gitnang Luzon sa Harap ng Pananalasa ng Pesteng Balang (1991-1995): Salimbayan ng Kasaysayang Panlipunan at Kasaysayang Lokal. *Malay Journal* 19, no. 2: 46-69.

Orillos-Juan, Ma. Florina. 2012. Isang Sulyap sa Pananalanta ng Pesteng Balang sa Lalawigan ng Pampanga sa Huling Hati ng Dantaon 19. Nasa *Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo*, mga ed. Atoy Navarro, Ma. Florina Orillos-Juan, Janet Reguindin, at Adonis Elumbre, 205-225. Diliman, Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan.

Orillos-Juan, Ma. Florina. 2016. Kasaysayang Pangkapaligiran at Araling Pangkapaligiran sa Wikang Filipino: Katayuan at Tunguhin. *SALIKSIK E-Journal* 5, no. 1: 1-43.

Orillos-Juan, Ma. Florina. 2017. *Kasaysayan at Vulnerabilidad: Ang Lipunang Pilipino sa Harap ng Pananalanta ng Pesteng Balang, 1569-1949*. Manila: De La Salle University Publishing House.

Paz, Danica de la. 2019. Kasaysayang Pambansa at Kasaysayang Pandaigidg. Nasa *Martes sa Escaler: Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus Salazar*, mga ed. Mark Joseph Santos at Axle Christien Tugano, 105-121. Quezon City: Bagong Kasaysayan, Inc.

Peralta, Jose, Leticia Ami, Aklani-Rose Hidalgo, Erlinda Panggat, Ernestina Peralta, at Emilia Santo-Yap. 1998. *Batayang Proseso sa Produksiyon ng Isda.* Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino, University of the Philippines Diliman.

Pingul, Arvin Lloyd at Axle Christien Tugano. 2023. Ang Anay sa Kasaysayang Pilipino. 'Di-limbag na Proyektong Pananaliksik.

Ploeg, Van der, Merljin van Weerd, at Gerard Persoon. 2011. A Cultural History of Crocodiles in the Philippines: Towards a New Peace Pact? *Environment and History* 17, no. 2: 229-264.

Reyes, Joan Tara. 2010. Reptilya sa Kabaong: Isang Pag-aaral sa Sinaunang Paniniwala sa Kamatayan sa Banton, Romblon. Masteradong Tesis. Quezon City: University of the Philippines Diliman.

Salazar, Zeus. 1986. Paunang Salita. Nasa *Kasaysayan ng Bulakan,* awt. Jaime Veneracion, xv-xx. Kolonya, Alemanya: Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan.

Salazar, Zeus. 2004. *Liktao at Epiko: Ang Takip ng Tapayang Libingan ng Libmanan, Camarines Sur.* Quezon City: Palimbagan ng Lahi.

Tugano, Axle Christien. 2023. Saysay ng Paminggalang-Bayan sa Kabataan at Kababaihan: Isang Pagsusuring Historikal. *Makiling Review: An International Journal of Humanities* 2, no. 1: 116-150.

U .P. Diliman School of Archaeology. n.d. Zooarchaeology Laboratory. *U.P. Diliman School of Archaeology.* https://archaeology.upd.edu.ph/zooarchaeology-lab.

Villapa, Jyferson. 2016. Ang Isla ng Calauit bilang Kanlungan ng mga Buhay-Iláng at mga Hayop, 1976-2013. *SALIKSIK E-Journal* 5, no. 1: 168-190.

Walang Awtor (WA). 1582. Expeditions of Ruy Lopez de Villalobos. Nasa *The Philippine Islands*, *1493-1898; Volume II,* mga ed. at trans. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 45-73. The Arthur and Clark Company, 1903-1909.

## TUNGKOL SA MAY AKDA

Si **AXLE CHRISTIEN J. TUGANO** ay kasalukuyang Instruktor 7 ng Kasaysayan sa Dibisyon ng Kasaysayan, Departamento ng Agham Panlipunan, Unibersidad ng Pilipinas Los Baños. Nagtapos siya ng Batsilyer ng Sining sa Kasaysayan sa Polytechnic University of the Philippines, Manila (batch valedictorian, magna cum laude). Kasalukuyan niyang tinatapos ang MA Philippine Studies sa Asian Center, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nakapaglimbag siya ng mga artikulong pananaliksik sa iba't ibang lokal at internasyonal na journal, at ilang pag-aaral na inilathala ng ATAGAN Tayabas, ADHIKA ng Pilipinas at National Commission for Culture and the Arts, University of the Philippines Press, at PUP Center for Philippine Studies. *Editor siya ng aklat na Martes sa Escaler: Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus Salazar* (2019) at *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga Kuwentong Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat* (2023). Kasamang may-akda siyang *50-50: Talambuhay ng mga Pangunahing Personalidad ng Batas Militar* (2022). Noong 2021, natanggap niya ang karangalan bilang *Mananaysay ng Taon 2021*, *Ikatlong Gantimpala* na iginawad ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Ang kaniyang interes ay nakatuon sa lokal nakasaysayan ng Marikina, Filipino diaspora, identities, intercultural relations, Philippine Studies, at travel writing studies.